

YOUTH RIGHTS RESOURCE COMPASS PHILIPPINES

SAAN AKO MAKAKAHANAP NG MATUTULUYAN?

Ayon sa aming pagsasaliksik, bukas ang mga sumusunod na ahensya ng pamahalaan at mga organisasyon na nag-aalok ng matutuluyan habang nananaig ang "enhanced community quarantine" dulot ng COVID-19. Hindi lamang ang mga sumusunod ang maaaring tuluyan ng mga kabataan. Mayroon ring mga simbahan at paaralan ang nagbukas ng kanilang mga pintuan para sa mga naghahanap ng pansamantalang tahanan o kaya matutuluyan.

DEPARTMENT OF SOCIAL WELFARE AND DEVELOPMENT

Ang Department of Social Welfare and Development (**DSWD**) ay nagtayo ng pambasang Crisis Intervention Unit (**CIU**). Kasama sa mga serbisyo ng CIU ay ang pagsagip sa mga kabataan, pagdagdag ng pondo tuwing may sakuna at pagbibigay ng iba't ibang klase ng ayuda. Kasama na dito ang pagbibigay ng tulong sa mga kliyente na makahanap ng serbiysyong medikal, legal, sikolohikal, at iba pang serbisyo.

Telepono: +63 918 912 2813

Email: inquiry@dswd.gov.ph

Manila Social Welfare Department

Maaaring tumuloy sa Delpan Sports Complex at sa San Andres Complex Covered Court. Kadalasang pinapatuloy rito ang mga walang tahanan, ngunit tumatanggap din sila ng mga kabataan at mga pamilyang nangangailangan ng pansamantalang tirahan. Nagbibigay rin sila ng libreng agahan, tanghalian at hapunan. Tumutulong din ang Manila Social Welfare Department sa pagbibigay-alam sa mga kabataan kung saan pa sila maaaring makahanap ng matutuluyan.

Address: Alvarez St., Brgy 334 Zone 33, Sta. Cruz Manila, 1003 Metro Manila, Philippines

Telepono: (02) 8731 6003

Email: maniladsw@gmail.com

COUNCIL FOR THE WELFARE CHILDREN

Ang Council for the Welfare of Children ay ang pwersa ng pamahalaan o task force ng pamahalaan para sa mga usapin ng kapakanan ng mga kabataan. Nananatiling bukas ang CWC sa kalagitnaan ng krisis. Maaaring sumangguni sa kanilang telepono, email at Facebook para sa inyong mga katanungan. Ang mga detalye ay:

Address: #10 Apo Street Sta. Mesa Heights, Brgy Sta. Teresita, Quezon City

Telepono: (02) 8740 8864, (02) 8742 8323, (02) 740 8863

Email: cwc@cwc.gov.ph

Facebook: <https://www.facebook.com/CWCgovph>

BANTAY BATA 163

Ang CWC ay nakikipagtulungan sa Bantay Bata 163, isang NGO, upang magtayo ng isang hotline para sa pag-uulat ng mga pangyayari ng pang-aabuso o karahasan laban sa mga bata. Ang mga sumasagot sa hotline na ito ay mga social worker na may karanasan sa ganitong mga isyu. Nagbibigay sila ng paunang kasagutan at kung kailangan man ng tumatawag ng mas malawak na tulong, sumasangguni sila sa CWC, sa kapulisan, o sa kinauukulang ahensya ng pamahalaan.

Hotline: 163

AJ KALINGA FOUNDATION INC.

Ang AJ Kalinga Foundation ay ang nagpapatunay na pwedeng tumuloy sa mga eskwelang Katoliko. Sila ay karaniwang kumukupkop o tumatanggap ng mga walang tirahan ngunit tumatanggap ng din naman sila ng mga kabataan at mga pamilya.

Maaari lamang na makipag-usap sa AJ Kalinga Foundation sa pamamagitan ng mga detalyeng ito:

Teresita S. Castillo
Managing Director, AJKFI
Mobile No.: + 63 917 546 0829
Email: tessam@castillo.ph

Fr. Flaviano Villanueva, SVD
President, AJKFI
Mobile No.: +63 918 888 0203
Email: sakalingapaghilom@gmail.com

Telepono : +63 966 881 7283
Facebook Messenger: Arnold Janssen Kalinga Foundation

Maynila

Kung ikaw ay nasa lungsod ng Maynila, maaari kang tumuloy sa mga sumusunod na paaralan:

- De La Salle University
- De La Salle-College of Saint Benilde
- Espiritu Santo Parochial School
- Malate Catholic School
- Holy Trinity Academy
- St. Scholastica's College
- Paco Catholic School

SOS CHILDREN'S VILLAGE

Nagbibigay ng kalingang maihahalintulad sa pamilya ang SOS Children's Village para sa mga batang nawalan ng pamilya. Bukas sila para sa pansamantalang pag-aalaga o pagkukop sa mga kabataan sa panahon ng krisis. Ang oras ng kanilang opisina ay Lunes hanggang Biyernes, alas-9 ng umaga hanggang alas-6 ng hapon.

Telepono: (02) 8867 7800
Mobile: (Smart) +63 999 229 9749
(Globe) +63 917 679 0024
Oras ng opisina: M to F (9:00AM - 6:00PM)

Email: friends@sosphilippines.org
Website: <https://www.sosphilippines.org/>

Ang kanilang mga tahanan ay nasa:

Mariveles Village

Address: Golden Heights Subdivision, Brgy. Mt. View, Mariveles, Bataan, 2105, Philippines
Landmark: Golden Heights Subdivision
Telepono: (02) 8867 7815

Manila Village

Address: Mindanao Drive, Ayala Alabang Village, Muntinlupa City
Landmark: near Virgin Mary Immaculate School
Telepono: (02) 8807-6541

Lipa Village

Address: Banaybanay Lipa City, Batangas
Landmark: near Toyota Lipa
Telepono: (632) 8867 7815

Iloilo Village

Address: Rizal Street, Poblacion Ilaya, Zarraga, Iloilo 5004
Landmark: near St. Isidore the Farmer Parish Church
Telepono: (033) 8396-1303 / (033) 8333-0318

Cebu Village

Address: Highway 11, Brgy. Talamban Cebu, City
Landmark: near Cebu Mary Immaculate College Talamban Campus
Telepono: (032) 8346-0969, (032) 8236-5581
Email: cebu@sosphilippines.org

Calbayog Village

Address: Purok 2, Barangay Dagum, Calbayog City, 6710, Western Samar
Landmark: near Barangay Dagum Covered Court.
Telepono: (055) 8209 3169
Email: calbayog@sosphilippines.org

Tacloban Village

Address: Brgy. 94, Tigbao, Tacloban City, Leyte 6500
Telepono: near Tigbao-Diit Elementary School
Tel. (053) 8321 6102

Davao Village

Address: SOS Drive, J.P. Laurel Ave., Davao City, 8000
Landmark: Holy Cross of Davao College-Bajada
Telepono: (082) 3226 3710
Email: davao@sosphilippines.org

SLU SUNFLOWER CENTENNIAL HALFWAY HOME FOR BOYS

Ang Halfway Home for Boys ay nagbibigay ng mga programa at serbisyo para sa mga batang lalaki na may edad lima (5) hanggang labingpitong (17) taong gulang na nakaranas ng pang-aabuso, pag-abanduna or kaya pagpapabaya. Sila ay nagbibigay ng pansamantalang masisilungan at nagbibigay ng serbisyon pang psychosocial.

Address: SLU Sunflower Centennial Halfway Home for Boys, Saint Louis University, A. Bonifacio Street, 2600 Baguio City
Trunk Lines: (063) (74) 442 2794; 442 2193; 443 3043; 443 2001; 444 8246 to 48, 444 8253

SAAN AKO MAKAKAPAGPAGAMOT?

Ang mga ospital ng pamahalaan at mga lokal na ospital ay bukas, ngunit maaaring puno na sila dahil sa dumadaming kaso ng COVID-19.

Hindi maaaring tanggihan ng mga ospital ang sinumang nangangailangan ng agarang panggagamot sa kadahilangang walang maibabayad o maihuhulog ang pasyente. Ang pagtangga sa isang pasyente nang dahil sa kawalan ng pambayad ay labag sa Republic Act No. 10932 o ang Anti-Hospital Deposit Law.

Para sa mga serbisyong sikolohikal, maaaring tumawag o pumunta sa mga website / Facebook page ng mga samahang ito:

CAMP NAVARRO GENERAL HOSPITAL

Nag-aalok ng serbisyo ang ospital sa pamamagitan ng Viber o telepono. Bagaman nasa Zamboanga City ang ospital, maaaring tumawag ang sinuman sa buong bansa.

Viber: +63 917 305 1891
Mobile No.: +63 966 691 6116

PSYCLI-NIK PSYCHOLOGICAL ASSESSMENT AND INTERVENTION SERVICES

Ang Psycli-Nik ay nag-aalok ng libreng telepsychology services para sa lahat ng apektado ng COVID-19 sa Lungsod ng Zamboanga.

NZUE Building 3rd floor, Room 3030 Tomas Claudio Street, Zamboanga City
Viber: +63 917 3051891
Email: Psyclinik06@gmail.com; lolin_bajin@yahoo.com

Ang Psycli-nik ay muling binuksan noong 18 Mayo 2020 para sa mga libreng konsultasyon sa kanilang tanggapan ngunit kailangan muna ng abiso or kaya kumuha ng appointment bago mag konsulta or pumunta sa kanilang tanggapan.

Oras ng opisina : 9 am hanggang 4pm
Mobile: +63 9975632669 / 9558103

THE HOFFEN CLINIC (CENTER FOR MENTAL HEALTH AND PSYCHOSOCIAL DEVELOPMENT)

Ang Hoffen Clinic ng Adventist Hospital sa Davao ay nagbibigay ng libreng pagpapayo at ang buong bansa ang saklaw nito.

Mobile No.: +63 951 815 4673 (HOPE)
Telepono: (082) 8297 2761 loc. 269
Facebook page: Center for Mental Health and Psychosocial Development
Email: centerformentalhealth@adventisthealth-dvo.com

Ang Hoffen Clinic ay nagbibigay din ng psychosocial na suporta para sa mga nakatira sa lungsod ng Davao na apektado ng Covid-19.

Telepono: +63 977 6542245 (Globe) at +63 961 0757968 (Smart)

SLU SUNFLOWER CHILD AND YOUTH WELLNESS CENTER

Ang Sunflower Child and Youth Wellness Center ay tumutugon sa mga pangangailangan na psychosocial ng mga bata sa rehiyon ng Cordillera at mga kalapit na lalawigan. Mula 15 Hunyo 2020, ang kanilang tanggapan ay nabibigay ng libreng telepsychosocial/e-counselling (nagbibigay payo) tuwing huling linggo ng bawat buwan (limitado sa Cordillera Administrative Region, Rehiyon 1 at 2):

Telepono : (074) 446 5664
Mobile : 0915 541 5501
Email: slusunflower@slu.edu.ph
Facebook : SLU-Sunflower Children's Center

ANO ANG AKING MGA KARAPATAN?

Korte

Simula 1 Hunyo 2020, lahat ng korte/hukuman at mga tanggapan ng korte sa buong bansa ay nagsimula na ng operasyon Lunes hanggang Biyernes. Maaari lamang tumawag o magpadala ng mensahe sa mga korte/hukuman sa pamamagitan ng kanilang mga telepono, email o Facebook account. Ang mga detalyeng ito ay mahahanap sa: <http://sc.judiciary.gov.ph/hotlines/>.

Ang Family Court ang dumidinig sa mga kasong patungkol sa kabataan. Ang pagpapiyansa at ang pagbibigay ng utos upang palayain ang mga nakakulong ay maaari na ring gawin sa pamamagitan ng email.

Ang pagpapiyansa at ang pagbibigay ng mga dokumento ay maaari ng ihain ng personal sa mga tanggapan ng mga korte/hukuman.

Mga maaaring paglabag sa batas

May mga lugar sa Pilipinas na nagpapatupad ng curfew, depende sa lungsod o bayan. Ang mga batang-lansangan ay maaaring mahuli dahil sa paglabag ng mga palatuntuning ito. Hindi bihira ang panghuhuli ng mga pulis at tanod sa mga batang hindi sumusunod sa curfew o nasa labas ng bahay.

Paalala lamang na hindi maaaring hulihin ang isang bata ng mga opisyal ng lokal na pamahalaan, ng pulis, o ng militar kung walang nakasulat at epektibong ordinansang nagtatakda ng parusa sa paglabag ng curfew.

Pang-aaresto sa mga bata

Kung ang isang bata ay hinuli dahil sa mga krimeng may magaan na parusa o paglabag sa mga lokal na ordinansa (katulad ng ordinansang nagtatakda ng curfew), walang parusang maaaring ipataw sa bata. Bagkus, siya ay dapat dalhin sa kanyang tahanan o sa barangay hall upang siya ay palayain at ibalik sa pangangalaga ng kanyang mga magulang.

Kung ang bata ay hinuli para sa ibang krimen, dapat ipaliwanag ng pulis o sinumang umaresto sa bata sa payak na salita na naiintindihan ng bata kung bakit aarestuhin o ikukulong ang bata at para sa anong pagkakasala o kaya krimen. Dapat ipaalam sa bata ang kanyang mga karapatan ayon sa Saligang Batas. Ang pangangalaga ng bata ay dapat ibigay sa loob ng 8 oras sa Social Welfare and Development Office o sa ibang NGO. Dapat ding ipaalam sa magulang ng bata ang kanyang pagkakahuli at sa tanggapan ng Opisina ng Publikong Abugado (Public Attorney's Office).

Ipapaliwanag ng opisyal ng social welfare development sa bata at sa kanyang magulang o bantay ang epekto ng ginawa ng bata. Mas mabuting pagpapayo at rehabilitasyon ang kahinatnan ng proseso, kaysa tuluyang kasuhan at makulong ang bata.

Kung ang bata ay 15 taong gulang o pababa, dapat ibalik ng nanghahabla ang bata sa pangangalaga ng kanyang mga magulang, bantay o pinakamalapit na kamag-anak. Hindi haharap sa parusa ang bata. Bagkus, siya ay sasailalim sa isang programang naaayon sa interbensyon ng komunidad maliban na lamang kung mas ikabubuti niyang manatili sa isang pasilidad ng pangangalaga ng kabataan. Ngunit ang bata ay di maaring ipasok sa pasilidad na ito kung siya ay 12 taong gulang pababa.

Kapag ang bata ay gumawa ng krimen nang walang pag-unawa sa kanyang ginawa, dapat palayain ang batang hinabla. Ngunit kapag ang bata ay higit 15 taong gulang ngunit hindi hihigit sa 18 taong gulang at may pang-unawa sa krimen na kanyang ginawa, sasailalim siya sa pagbubuklod.

Kung kailangang kunin ang pahayag ng bata, kailangang ito ay maganap sa presensya ng kanyang piniling abogado o kung wala man, isang abogado mula sa Public Attorney's Office; ng kanyang magulang / bantay / pinakamalapit na kamag-anak; at ng isang kawani ng Social Welfare and Development Office. Sa kawalan ng mga taong ito, maaring ipagpatuloy ang pagsisiyasat kung may kasamang kinatawan ng isang NGO, ng pangkat na relihiyoso, o ng miyembro ng Barangay Council for the Protection of Children.

Mga karapatan

Sa ilalim ng Republic Act No. 9344 o ng Juvenile Justice and Welfare Act, at ng mga susog nito, bawat batang nahaharap sa isang kaso ay may karapatang tratuhin nang may pag galang sa kanyang dignidad at sa paraang angkop sa kanyang edad.

Kung aarestuhin ang isang bata nang walang warrant, dapat ay sumailalim agad ang bata sa pagtatanong . Pagkadala sa bata sa istasyon ng pulis, dapat siyang matulungan ng isang abogado o social worker na kayang ipaalam sa kanya ang kanyang mga karapatan. Maaari nang gawin ang pagtatanong sa pamamagitan ng videoconferencing kasama ng piskal sa panahong ito.

May karapatan ang isang bata na makausap at madalaw ng kanyang pamilya. May karapatan din siyang magpiyansa. Maaaring ihain ang mga dokumentong kailangan upang makapagpiyansa ang bata sa pamamagitan ng email ng kinauukulang korte.

May karapatan din ang bata na magkaroon ng agarang tulong na legal, pati na rin ang karapatang magtanong sa legalidad ng kanyang pagkakahuli o pagkulong.

Ang pagkulong o pagpasok ng isang bata sa isang institusyon ay hindi dapat ang pangunahing solusyon habang naghihintay ng paglilitis. Hindi rin dapat matagalan ang pagkulong sa bata. Sa lahat ng panahon, dapat nakabukod ang mga bata at matandang detainee.

Kung kailangan ng isang bata ng payong legal, maaaring sumangguni sa mga samahang ito:

COMMISSION ON HUMAN RIGHTS

Ang Komisyon ng Karapatang Pantao ay naglunsad ng *Tanggap Karapatan Online* bilang paraan ng pagbibigay ng online na serbisyong legal. Layon nitong magbigay ng libreng payong legal at impormasyon ukol sa karapatang pantao, paglilinaw sa polisiya ng gobyerno, at pagrereklamo sa paglabag sa karapatang pantao ng estado.

National Capital Region

Mobile No.: +63 919 444 7720

Email: chr_ncr2017@yahoo.com

Investigation Office

Mobile No.: +63 915 077 0097

Mobile No.: +63 950 369 9026

Legal Division: elawyering.id.chrp@gmail.com

INTEGRATED BAR OF THE PHILIPPINES - NATIONAL CENTER FOR LEGAL AID

Ang Integrated Bar of the Philippines ay nagbibigay ng libreng payong legal ukol sa mga isyung kaugnay ng COVID-19. Ang pagtanggap ng mga batang kliyente ay nakabase sa tibay ng ebidensiya at ng kaso, hindi sa kakayahang pinansyal ng bata. Ang kasong isasangguni ng bata ay dapat tungo sa pagkamit ng katarungan at hindi upang makasakit ng ibang tao.

Tumawag o sumangguni lamang sa mga sumusunod:

Mobile: +63 906 079 9226 (Atty. Eric C. Alajar)

Email: legalaid@ibp.ph

Facebook: <http://www.facebook.com/IBPNationalCenterforLegalAid>

Pwede ring magpadala ng katanungan sa form na ito: <https://bit.ly/IBPLegalAidQRTForm>

Para sa mga nakatira sa Rizal, San Juan, Mandaluyong, Taguig, Pasig, Pateros, Marikina at Antipolo

Bisitahin ang IBP-RSM Chapter sa <https://www.facebook.com/IBPRSMChapter/>

Ang mga sumusunod ay ang mga detalye na maaring matawagan na sakop ng inyong rehiyon:

Quirino Chapter:

Mobile number: 0917 580 7360

Calmana Chapter:

Mobile number: 0922 697 2224

Cavite Chapter:

Mobile numbers: 0916 373 2199 / 0921 995 6626

Makati Chapter:

Mobile number: 0936 941 3164

Email: ibpmakati2@gmail.com

RSM Chapter:

[facebook.com/IBPRSMChapter](https://www.facebook.com/IBPRSMChapter/) (@IBPRSMChapter)

Camarines Sur Chapter:

Mobile number: 0917 129 2252

Email: ibpcamsur73@gmail.com

CHILDREN'S LEGAL BUREAU, INC.

Ang Children's Legal Bureau Inc. (CLB) ay nag-aalok ng libreng tulong legal sa mga kasong ukol sa mga bata. Kung mayroon mang kaso ng pang-aabuso laban sa mga bata, maaari itong ireklamo sa pamamagitan ng pagsagot ng isang form. Habang ang CLB ay nasa Cebu City, tumatanggap sila ng katanungan mula sa buong bansa.

No. 10 Queen's Road, Camputhaw, Cebu City

Email address: clbphiliscebu@gmail.com

Facebook: <https://www.facebook.com/ChildrensLegalBureauInc/>

Form na sasagutan para sa mga katanungan:

<http://tiny.cc/xn4zmz> or <http://clb.org.ph/2020/04/13/online-intake-form/>

ATENEO HUMAN RIGHTS CENTER

Ang Ateneo Human Rights Center ay nag-aalok ng libreng online legal counseling sa mga tanong ukol sa Enhanced Community Quarantine at COVID-19, pati ang pagkakahuli base sa paglabag ng mga curfew ordinance. Mayroon din silang Child's Rights Desk na nakatuon sa mga kaso ng kabataan. Hindi sila humaharap sa korte para sa mga kasong ito. Mangyari lamang na bisitahin ang kanilang Facebook link:

<https://www.facebook.com/AHROnlineLegalCounseling>

TEEHANKEE CENTER FOR THE RULE OF LAW / MANILA LEGAL AID CHAMBERS

Ang Teehankee Center for the Rule of Law at ang Manila Legal Aid Chambers ay tumutulong sa mga detainee na magkaroon ng abogado habang may quarantine.

Humiingi sila ng ID upang makilala ang kliyente. Kailangan muna nilang alamin ang buong detalye ng kaso bago ka tanggapin bilang kliyente.

Mangyari lamang na magpadala ng mensahe sa kanilang mga Facebook page:

<https://www.facebook.com/teehankeecenter/>
<https://www.facebook.com/manilalegalaid/>

MAIPAGPAPATULOY KO BA ANG AKING PAG-AARAL?

Pansamantalang nakasara ang mga paaralan sa buong bansa. Ang bagong akademikong taon ay dapat magsisimula sa Agosto 2020, subalit ipinahiwatig ni Pangulong Duterte na malamang na ang distansya sa pag-aaral ay papalitan ang pisikal na pagdalo sa mga silid-aralan hanggang magkaroon ng bakuna. Ang Pilipinas ay magpapalit ng panahon ng pasukan. Ang dating pasukan na mga paaralan na Hunyo hanggang Marso, ito ay magiging Agosto o Setyembre hanggang Mayo na.

Ang Department of Education ay naglunsad ng isang e-learning platform na kung tawagin ay DepEd Commons upang tulungan ang mga mag-aaral na hindi na makakapasok dahil sa pagpapaliban ng klase. Isa siyang alternatibong paraan upang matuto ang mga bata. Libre ang serbisyong ito at hindi sisingilin ng data charges ang mga tagasuskribi ng Globe, TM, Smart, Sun, o Talk 'N Text.

Sisingilin lamang ng data charges ang gumagamit ng DepEd Commons kapag pumasok ng mga link at website na nasa labas ng network ng DepEd Commons.

Merong ding eLibrary ang DepEd Commons na may mga aklat para sa mga kabataan, at mga batayang-aklat para sa mga mahahalagang takdang aralin.

Pwedeng bisitahin ng mga estudyante at guro ang DepEd Commons sa: www.commonsonline.gov.ph.

Kamakailan lamang ay inihayag na bibigyan ang 85,000 na mga mag-aaral sa mga pampublikong paaralan ng mga kagamitang magagamit sa pag-aaral, kasama na ang limang oras na libreng pag load sa internet araw araw para sa 2020 hanggang 2021 na pasukan. Kasama din dito na ibibigay ay "on the go flashdrive", mga nakalimbag na module at dalawang washable na maskara sa mukha para sa proteksyon ng mga mag-aaral.

Ipinahayag din ng DepEd na ang mga programang pang edukasyon sa telebisyon at pagtuturo na nakabase sa radyo ay magagamit para matulungan ang mga mag-aaral na walang kapasidad o kaya di makakapag online sa mga materyales.

SAAN AKO MAKAKAHANAP NG SERBISYO, PAGKAIN AT IBA PANG MGA BAGAY NA MAARING MAKATULONG SA AKIN SA PANAHOON NG KAGIPITAN?

DEPARTMENT OF SOCIAL WELFARE AND DEVELOPMENT

Ang Department of Social Welfare and Development ay nagbibigay ng ayudang pinansiyal sa pamamagitan ng:

- Social Amelioration Program (SAP), na nagbibigay ng ayudang pinansiyal at hindi pinansiyal upang makakuha ng pagkain, gamot, at kagamitan sa bahay tulad ng sabon.
 - Maaaring hingan ka ng kagawaran ng sertipikasyon na ikaw ay walang tahanan, indigent, miyembro ng mga pangkat katutubo, nagtatrabaho sa impormal sa sektor, magsasaka, o mangingisda.
- Assistance to Individuals in Crisis Situation (AICS), na nagbibigay ng ayudang pinansiyal para sa mga pang-araw-araw na pangangailangan
 - Ang mga mamamayan at pamilyang nakatanggap na ng benepisyo sa ilalim ng CAMP o TUPAD ng Department of Labor and Employment (DOLE) ay hindi na maaaring makatanggap ng benepisyong ito.
 - Kailangang magpakita ng wastong ID.

Telepono ng DSWD: +63 0(2) 9318101 - 8107

DEPARTMENT OF HEALTH

Ang Department of Health ay may hotline para sa lahat ng katanungan ukol sa COVID-19. Bukas ito sa lahat ng mga tatawag sa buong Pilipinas:

Telepono: (02) 8894 2643 (889-COVID)

Mobile No.: 1555 (PLDT, Smart, Sun, and Talk 'N Text subscribers)